

Nagha-hire ang FEMA: Sa Tulong sa Hurricane Helene at Milton

Release Date: Oktubre 22, 2024

TALLAHASSEE, Florida. - Halika upang magtrabaho para sa FEMA at tulungan ang iyong komunidad na makabawi mula sa mga Hurricane Helene at Milton.

Ang FEMA ay nagsasagawa ng lokal na pagha-hire para sa higit sa 600 mga trabaho sa Gainesville, Melbourne Beach, Sarasota at Tallahassee, Florida. Ang mga empleyado ng Lokal na Hire ay karaniwang lokal na residente na tumutulong sa pagbawi ng kanilang komunidad at tumutulong sa kapwa kapitbahay sa proseso ng pagbawi. Maraming mga empleyado ng FEMA ang nagsimula sa kanilang mga karera sa pamamahala ng emerhensiya sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang sariling mga komunidad na makabawi mula sa sakuna.

Ang mga posisyong ito ay mga full-time na 120-araw na appointment na maaaring mapalawak depende sa mga pangangailangan sa pagpapatakbo.

Ang mga empleyado ng FEMA na Lokal na Hire ay karapat-dapat para sa mga sumusunod na benepisyo:

- Seguro sa kalusugan para sa saklaw ng indibidwal o pamilya. Ang kontribusyon ng employer ay 75% ng premium. Ang mga empleyado na Lokal na Hire ay karapat-dapat para sa pagpapatala para sa saklaw ng seguro sa kalusugan sa opisyal na petsa ng pag-hire/ sa petsa pagsisimula ng trabaho sa FEMA
- Flexible na mga spending account
- Seguro sa pangmatagalang pangangalaga
- Kakayahang kumita ng 4 na oras na bayad na sick leave bawat panahon ng suweldo
- Bayad na bakasyon
- Worker's compensation

Tumatanggap ang FEMA ng mga aplikasyon para sa mga sumusunod na posisyon:



FEMA

Page 1 of 2

- Tumatanggap hanggang sa **11:59 p.m. ET Sabado, Oktubre 26:**
 - IT Specialist: [USAJOBS - Anunsyo ng Trabaho](#)
 - Manufactured Housing Specialist: [USAJOBS - Anunsyo ng Trabaho](#)
 - Accountable Property Specialist: [USAJOBS - Anunsyo ng Trabaho](#)
 - Ordering Specialist: [USAJOBS - Anunsyo ng Trabaho](#)
 - Logistics Specialist: [USAJOBS - Anunsyo ng Trabaho](#)
 - Environmental Floodplain Specialist: [USAJOBS - Anunsyo ng Trabaho](#)
 - Environmental Compliance Review Specialist : [USAJOBS - Anunsyo](#)
- Tumatanggap hanggang sa **11:59 p.m. ET Lunes, Oktubre 28:**
 - Emergency Management 2: [USAJOBS - Anunsyo ng Trabaho](#)

Ang lahat ng mga posisyon ay magsasara sa **11:59 p.m. ET** sa petsa ng pagsasara o kapag natanggap ang pinakamaraming bilang ng mga aplikasyon. Marami pang mga posisyon ay maaaring idagdag sa ibang pagkakataon. Upang makita ang lahat ng bakanteng posisyon, bisitahin ang [USAJobs.gov](#), i-type ang “Local Hire” sa seksyon ng mga keyword at “Florida” para sa lokasyon.

Para sa mga tip, kabilang na kung paano ihanda ang iyong resume at mag-navigate sa website, bisitahin ang [USAJOBS Help Center - Application](#) Process.

Ang lahat ng mga aplikante ay dapat na mamamayan ng US, 18 taong gulang o mas matanda, at mayroong diploma sa high school o General Equivalency Diploma. Kakailanganin ng mga indibidwal na pumasa sa isang background investigation na may kasamang fingerprinting at credit check. Kinakailangan din ang mga empleyado na lumahok sa direct deposit o electronic fund transfer para sa pagbabayad ng suweldo. Kung nakitang ikaw ay kwalipikado, maaari kang tumawagan para sa isang pakikipanayam.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbawi ng Hurricane Milton, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4834](#). Para sa impormasyon sa pagbawi ng Hurricane Helene, bisitahin ang [fema.gov/disaster/4828](#). [I-follow ang FEMA sa X](#) [sax.com/femaregion4](#) o sa Facebook sa [facebook.com/fema](#).



FEMA